# VN

# VALENZUELA NGAYON

Ang Magasin ng Makabagong Valenzuelano

LIBRE
Isyu 28
Disyembre 2021




# TULOY-TULOY NA SERBISYO

## SA GITNA NG PANDEMYA

03 Serbisyong Pang-Ekonomiya

13 Serbisyong Pang-Edukasyon

31 Serbisyong Pang-Imprastraktura

35 Serbisyong Pabahay

45 Serbisyong Pangkaligtasan

# Mga nilalaman


Tuloy-tuloy ang Serbisyong Pang-Ekonomiya 03

Tuloy-tuloy ang Serbisyong Pang-Edukasyon 13

2021 Gawad Dr. Pio Valenzuela 23

Tuloy-tuloy ang Serbisyo sa Social Welfare 25

Tuloy ang Pasko 29

Tuloy-tuloy ang Serbisyong Pang-Imprastraktura 31

Tuloy-tuloy ang Serbisyong Pabahay 35

Pitong Parangal mula sa Gawad Galing Pook 37

Tuloy-tuloy ang Serbisyo Para sa Lungsod na Kaaya-aya 41

Tuloy-tuloy ang Serbisyong Pangkaligtasan 45

Tayo na, Ligtas na Valenzuela COVID-19 Response Report 2021 58



**VALENZUELA NGAYON**

Inilalathala simula Setyembre 2004

*Publisher* **City Government of Valenzuela**

*City Mayor* **REX Gatchalian**

*Chief-of-Staff* **Ulysses C. Aguilar**

*Public Information Officer/Editor-in-Chief* **Lauro Zyan F. Caiña**

*Writers*
**Janine Aguarino, Jennyvie Leonardo, Angelica Porciuncula**

*Art Director*
**Joel A. Soriano**

*Graphic Artist*
**Rafael M. Delfino, Clinton Ramos, Albert P. Sy**

*Photographers*
**Resty Robert N. Castro, Kenneth Vincent A. Cruz, Percival R. De Guzman, Rodrigo C. De Guzman, Rafael M. Delfino**

*Circulation Manager*
**Clairidy C. Pinto**

*Distribution*
**Ronald A. Delino, Ronnel Esguerra**

*Acknowledgment*
**Office of Senator WIN Gatchalian, Digital Communications Unit, City Veterinary Services Office, City External Services Office-Public Order and Safety Group-Bantay Sunog, Bahay Kanlungan, VC Rescue**

Inilalathala ang **Valenzuela Ngayon** magasin ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa pamamagitan ng *Public Information Office* at may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, The City Hall, MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City.



© Pamahalaang Lungsod Valenzuela, Disyembre 2021



valenzuela.gov.ph

info@valenzuela.gov.ph

Valenzuela City

@valenzuelacity

(02) 8352-1000 locals 1132, 1138 & 1410

(02) 8292-9168






***Nasa larawan:*** *Bb. Lucila Lapiñagan (nakatayo) at Bb. Sally Llamansares (nakaupo)*
*Si Bb. Lapiñagan ay isa sa mga house parents na kumakalinga sa mga kliyente ng Bahay Kanlungan. Alaga niya si BB. Llamansares. Ayon sa matanda, limang dekada na ang nakalipas nang makipagsapalaran siya sa Kamaynilaan upang takasan ang hirap ng kanyang buhay sa Legaspi, Albay. Namuhay siyang mag-isa at piniling hindi magkapamilya hanggang abutan pagtanda. 70 taong gulang na siya ngayon at wala nang nalalabing kamag-anak na matutuluyan.*

***Bb. Lapiñagan at BB. Llamansares:*** *Kevin Gatchalian.*

***Gusali:*** *Rodrigo de Guzman na may edit at enhancement ni Angelo Roe S. Calizar.*

***Huling lapat ng larawan:*** *Joel A. Soriano*




# SA KABILA NG PANDEMYA...
# TULOY-TULOY ANG ASENSO!

Makalipas ang halos dalawang taon at tayo ay nasa gitna pa rin ng laban sa pandemyang COVID-19, nais ko kayong pasalamatan lahat, mga minamahal kong kapwa-Valenzuelano.

Ito ay dahil hindi kayo bumitiw sa pakikiisa upang malampasan nating lahat ang dagok na ito ng makabagong panahon.

Bagama't may pandemya, gayon pa rin ang ating pagtutulungan. Nananatili tayong mga Valenzuelano na may disiplina at pagmamahal sa ating lungsod.

Sa amin naman sa lokal na pamahalaan, sinisiguro namin na hindi kami hihinto sa mga gawain para sa ikabubuti at ikauunlad ng buhay ng ating mga residente. Mahalaga pa rin na patuloy na hinuhubog ang ating siyudad para maging mas makabuluhan ang bawat programang ipinatutupad. Upang ang mga inisyatibo ay mas maging inklusibo, at gawin ang ating mahal na lungsod na isang lungsod na tunay na kaaya-ayang panirahan o isang liveable city.

Habang abala ang inyong lokal na pamahalaan na bumuo ng mga program sa maagap na COVID-19 response sa testing, isolation at vaccination, hindi namin kinaliligtaan na mahalaga na mapanatiling lumalago ang ating siyudad. Kaya ang edisyong ito ng ating lokal na magasin ay isang report ng mga pagawaing pagpapaunlad o developmental works na maaaring inisip ninyong naisapantabi muna dahil sa nararanasan nating pandemya.

Malaking porsiyento man ng ating kapital, lakas at atensyon ay natuon sa COVID-19, nagagalak akong iparating sa inyo na lahat ng ating nasimulan bago pa dumating ang pandemya ay nagpapatuloy. Marahil ay masasabing pinabagal tayo ng pandemya, ngunit, bilang nagkakaisang Valenzuelano, hindi natin ito hinayaang patigilin tayo at tuluyang ilugmok.

Makikita ninyo sa babasahing ito na maliban sa mga pagkilala sa ating pagtugon sa pandemya ay nabigyang pansin din ang ating mga nagawa sa iba't ibang larangan sa serbiyo tulad ng ekonomiya, edukasyon, disaster preparedness at iba pa.

Ang babasahing ito ay simbulo rin ng aming pasasalamat sa lahat ng mga Valenzuelano na kasama sa pagbuo sa mga pagkilalang ito.

Taos-pusong pasasalamat at pagsaludo, mga mahal kong Valenzuelano!


**Mayor REX Gatchalian**
*Lungsod Valenzuela*

Rodrigo De Guzman


# Tuloy-tuloy ang SERBISYONG PANG-EKONOMIYA

## BACK-TO-BACK

Iginawad ng Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) sa Valenzuela City ang Most Business-Friendly City Award sa dalawang magkasunod na taong 2019 at 2020. Nagbalik ang lungsod sa prestihiyosong patimpalak tatlong taon matapos itong tanghaling Hall of Famer sa pagkakapanalo nito noong taong 2012, 2014, at 2015.






# 8th Place - Overall

**Highly Urbanized Cities**

Mahusay at mataas na kalidad ng serbisyo publiko ang ipinamalas ng Valenzuela City sa taunang competitiveness ranking ng Department of Trade and Industry (DTI) na Cities and Municipalities Competitiveness Index (CMCI) 2020.




CITIES & MUNICIPALITIES COMPETITIVENESS INDEX

# 3rd Place - Government Efficiency Pillar

**Highly Urbanized Cities**



# DIGITAL GOVERNANCE AWARDS 2020




Valenzuela City Paspas PERMIT
10 Seconds Business Permit

**Best in BUSINESS EMPOWERMENT AWARD**

HUAWEI
HUAWEI'S SPECIAL AWARD
**Best in BUSINESS EMPOWERMENT**

Kampeon din sa digital governance ang Paspas Permit, ang 10-second business permit system ng lungsod.

Clinton Romes



## Valenzuela City Paspas Permit

10 Seconds Business Permit

UPGRADES

### Mas Kumpleto

- Barangay Certificate
- Business Permit
- City Treasurer's Office
- City Assessor's Office
- Office of the Building Official
- Office of the City Civil Registrar
- City Health Office
- Zoning Office

Ang kumpletong online services na ito ng lungsod ay modelo rin ng pamahalaang nasyonal sa pagtalima sa R.A. 11032 o "Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018"

### Mga Bagong Serbisyo:


- Locational Clearance
- Sanitation Permit and Health Certificate
- Professional Tax Receipt (PTR)

**Karagdagang Payment Option:**


UnionBank GCash




Locational Clearance




Professional Tax Receipt (PTR)





Sanitation Permit and Health Certificate



Percival de Guzman













## Unmodified Opinion Clean Report

*Mula sa Commision on Audit*

Natanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang pinakamataas na Audit Opinion na maaaring ibigay ng COA sa isang sangay ng gobyerno. Patunay ito sa maayos na paggugol sa pondo ng taong-bayan.



Courtesy of Digital Communications Unit

# Mula sa PESO... *Handog Trabaho Kahit May Pandemya*



Mga Valenzuelanong naghahanap ng trabaho naman ang aktibong tinulungan ng Public Employment and Services Office (PESO) upang magkaroon sila ng trabaho base sa kanilang mga kakayahan at karanasan.

## MGA APLIKANTENG NATULUNGAN

| | | |
|---|---|---|
| 2020 | Referred: | 9,011 |
| | Placed: | 6,897 |
| 2021 (as of September) | Referred: | 8,390 |
| | Placed: | 7,545 |






Sa paglutang ni G. Russel Mañoza matapos tumanggap ng sahod na baryang nagkakahalagang PhP 1,605; lumabas na may ilan pang paglabag at pagkukulang ang kompanyang NexGreen Enterprises.


Bagaman at legal na naaksiyunan ang isyu sa tulong ng Worker's Affairs Office (WAO), opisyal na nilisan ni Russel at ilang mga kasamahan ang kompanya.

Tinulungan ng Lokal na Pamahalaan sa pamamagitan ng PESO na maiproseso at mabayaran ang mga dokumento sa pag-a-apply sa trabaho tulad ng NBI Clearance, PSA documents, medical exam, ID photo at iba pa.

| | |
|---|---|
| Referred | 24 |
| Endorsed to Companies | 20 |
| Hired | 8 |







CDA
GAWAD PARANGAL FOR 2021

*Certificate of Recognition*

is presented to

**Cooperative Development Office of Valenzuela City**

in sincere appreciation of its selfless and tireless efforts and contributions to the cooperative sector and the community during this time of pandemic.
Such acts of heroism that it has exemplified has inspired others and brought hope when it is most needed.

Given this 27th day of October 2021, at Quezon City.

ATTY. MA. LOURDES P. PACAO
Regional Director

# KOOPERATIBISMO, TULOY-TULOY RIN!

## COOP Recognition

Dahil sa tuloy-tuloy naman ang pagtugon sa pangangailangan ng sektor ng kooperatiba, ipinagkaloob ang Gawad Parangal 2021 ng Cooperative Development Authority sa Cooperative Development Office bilang pagkilala sa aktibo nitong pakikipagtulungan sa pamahalaang nasyonal at mga kooperatiba sa panahon ng pandemya.



Percival de Guzman




# SCRAP TO CRAFTS

Magagandang obra at gamit pambahay mula sa basura ng nalikom mula sa mga pabrika ang naging kabuhayan ng dalawang livelihood groups sa lungsod sa tulong ng Local Economic and Investment Promotion Office (LEIPO). Ipinagdiwang din nitong Women's Month noong Marso ang mga likhang mga produkto ng kababaihang miyembro ng CSG-Hubog Organic Waste Compost Production.

**2** | Livelihood Groups

**30** | miyembro














Kevin Gatchalian




| | |
|---|---|
| Bilang ng kooperatiba | 9 |
| Bilang ng modernized jeepney | 90 |

*Datos mula sa Cooperative Development Office, Nobyembre 23, 2021*

# JEEPNEY MODERNIZATION MICRO-FINANCING



Hindi huli sa modernisasyon ang mga traditional jeepney drivers sa lungsod sa suporta at tulong pinansyal na ipinamahagi ng lokal na pamahalaan.







Rodrigo de Guzman




## PUBLIC UTILITY VEHICLE MODERNIZATION PROGRAM (PUVMP)

Nakakuha ng financial assistance ang mga transport cooperatives sa lungsod na siyang tumulong sa kanila upang makakuha na rin ng kanilang sariling e-jeep units. Ito ay maaari nilang bayaran ng dalawang taon ng walang interes sa pamahalaang lungsod.










## Freedom of Information (FOI)

Itinaguyod din ng Valenzuela City ang karapatan sa impormasyon ng publiko sa ipinatupad nitong ordinansa sa public disclosure at transparency.

Iginawad ng Presidential Communications Operations Office (PCOO) ang FOI Award sa lungsod dahil sa pagtatatag din nito ng Data Privacy Office sa bisa ng Ordinansa sa Blg. 637 noong 2019 upang maproteksyunan at mapangalagaan ang mahalagang impormasyon o datos ng lokal na pamahalaan pati na rin ang pagsunod nito sa tamang paglikom ng impormasyon.

Kevin Gatchalian




## NCAP Online

"Paspas" na din ang pagbabayad ng penalties para sa mga NCAP traffic violations na maaari nang i-proseso sa ***https://nocontact.valenzuelacity.net***.

Ang **No Contact Apprehension Portal** na ito ay mayroong malawak na payment channels para sa mas pinadali at mas pinabilis na pagbabayad ng mga Notice of Violation na natatanggap ng mga motorista.

## Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko

Kinilala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa pagsisikap nitong isulong ang wikang Filipino sa paghahatid ng serbisyo publiko. Dahil sa paggamit at pagsasa-Filipino ng lungsod sa mga karatula, pabatid-publiko, poster, pormularyo, at misyon at bisyon, at iba pang anunsiyong ipinapaskil sa mga tanggapan at sa social media, ginawaran ito ng KWF ng Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko 2021 Antas I noong Agosto 2021.












# Libreng Bike Para sa Displaced Workers

Bagong mga bicycle units na may kasamang insulation bags, protective equipment, at smartphones na may PhP 5,000 electronic load wallet ang ipinamahagi ng lokal na pamahalaan at Department of Labor and Employment (DOLE) sa mga displaced workers ng pandemya, mga out-of-school youth, at mga persons with disabilities (PWDs).

**Benepisyaryo 56**







Kevin Gatchalian

# Tuloy-tuloy ang SERBISYONG PANG-EDUKASYON




**Winner for 4 consecutive years**

## SEAL OF GOOD EDUCATION GOVERNANCE




Nakamit ng Valenzuela City ang Seal of Good Education Governance ng Synergeia Foundation sa apat na magkakasunod na taon – patunay na ang lokal na pamahalaan ay dedikado sa pagtataguyod at paghubog ng kapakanan, pagkatao, at kaalaman ng bawat mag-aaral na Valenzueano.









# BALIK ESKWELA

Libreng school kits ang naipamigay sa mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Grade 6. Kahit pa nasa ilalim ng home schooling ang mga mag-aaral, nagpatuloy ang pamamahagi ng school kits para sa mga nasa kindergarten, at notebooks para sa mga nasa hayskul.

**BILANG NG NAIPAMAHAGI**

| | |
|---|---|
| 2020 | 82,233 |
| 2021 | 82,215 |














## Lawang Bato National High School

Ang bagong kampus ng Lawang Bato NHS ay nagbibigay ng karagdagang espasyo sa mga mag-aaral, hindi lamang ng mga nasa sekondarya, kundi ng mga nasa elementarya. Dahil sa paghiwalay ng kampus ng hayskul sa Lawang Bato Elementary School ay magagamit na ng elementarya ang mga naiwang silid-aralan.









| 3 | 44 |
|---|---|
| floors | classrooms |



Clinton Ramos





## Canumay East National High School





**4** floors | **32** classrooms

Hindi na kailangan pang lumayo ng mga mag-aaral sa kalapit na barangay ng Canumay West at Lawang Bato dahil ang bagong national high school na ito sa Barangay Canumay East ay mas pinalaki at mas pinalapit sa kanila.






**4** floors | **16** classrooms

Nagtayo rin ang lokal na pamahalaan ng panibagong paaralan sa silangang bahagi ng Barangay Paso de Blas upang makapagsilbi sa mas maraming mag-aaral sa naturang barangay.



## Pedro Santiago Elementary School



SOON TO RISE

## Pinalagad Elementary School

**2** four-storey buildings

**24** classrooms

*Other Amenities:*

- Activity Center/ Multipurpose Building
- Computer Laboratory
- Cafeteria
- Administrative Office
- Faculty Office

Rodrigo de Guzman (1, 2); Clinton Romas (3 - 6)
















| SCHOOL-BASED FEEDING PROGRAM | |
|---|---|
| 2020 | 7,662 |
| 2021 | 11,108 |

## Alagang Valenzuelano E-Nutribuns

Tuloy-tuloy ang taunang feeding program ng Lungsod kahit wala sa paaralan ang mga mag-aaral ngayong may pandemya.

Rasyong e-nutribuns na sapat para sa isang linggo ang kinukuha ng kanilang mga magulang sa paaralan. Ang recipe ng e-nutribuns o enhanced nutribuns ay nilikha ng Department of Science and Technology - Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI). Hiniram ito ng pamahalaang lungsod upang makapaghain ng tinapay na puno ng sustansyang tulad ng Vitamin A, Iron, at Protina.



**PUBLIC DAY CARE CENTERS SA BUONG LUNGSOD**

**88**

Mas pinalapit na serbisyong pang-edukasyon ang hatid ng Valenzuela City sa mga residente ng Disiplina Village Lingunan sa pagpapasinaya ng sarili nitong Day Care Center noong Pebrero 18, 2021.




## DV Lingunan Day Care Center

Clinton Ramos (1 - 7); Rodrigo de Guzman (8 - 9)



# PLV Main Campus

Naging oportunidad para sa Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang pandemya upang makapagtayo ng mga bagong imprastraktura at makapagpaayos ng mga pasilidad ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV).

## BAGONG GUSALI



*College of*
**Education, Arts and Sciences Building**

### KARAGDAGANG MGA PALAPAG

- *College of* **Engineering and Information Technology** Building
- *College of* **Business Administration and Accountancy** Building

### ILAN SA MGA PASILIDAD:

- **Garden Atrium**
- **Assembly Hall**
- **Collaboration Rooms**
- **Drawing Rooms**
- **Quiet Study Areas**
- **Innovations Hub**
- **Computer Laboratories**
- **Engineering Laboratories**

## SOON TO RISE



## PLV Satellite Campus

Magiging bagong tahanan ng College of Public Administration and Governance.

## PLV Annex Campus

Isinaayos din ang PLV Annex sa Barangay Malinta upang maging kawangis ng arkitektura ng PLV Main Campus. Ito naman ang tahanan ng mga mag-aaral ng mga kurso sa ilalim ng College of Arts and Sciences.



3



## VALPOLY New Campus

Isang makabago at mas malaking campus ang maghihintay sa pagbabalik ng mga mag-aaral ng technical at vocational courses sa Valenzuela Polytechnic College.



4



5

Clinton Romos (1 - 3); Rodrigo de Guzman (4, 5)

# CONGRATULATIONS!

**PAMANTASAN NG LUNGSOD NG VALENZUELA**

| | |
|---|---|
| Institutional Passing Rate | **47.06%** |
| National Passing Rate | **36.70%** |

**November 2021 Civil Engineering** Licensure Examination

PHILIPPINE FUTURES THINKING SOCIETY

The Country's First Philippine Futures Thinking Society (PhilFutures) Institutional Member


Certificate of Collaboration

Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela
*is an institutional member of the*
Philippine Futures Thinking Society

DR. LIZAN E. PERANTE-CALINA
President

PROF. SHERMON O. CRUZ
Vice President and Chief Futurist

# Husay at Talino







### College of Engineering

- **2020 National Math Wizard**
  *Finalist*
- **2021 20th Institute of Integrated Electrical Engineers of the Philippines, Inc. - Council of Student (IIEE CSC) Chapters Regional Math Wizard**
  *1st Runner Up*
- **2021 IIEE CSC 34th Regional Quiz Show**
  *2nd Runner Up*

### PLV Supreme Student Council

Most Outstanding Student Organization in the National Capital Region by the Office of the Ombudsman from 2018 to 2020



# New Valenzuelano Civil Engineers


**Alfredo C. Pilongo Jr.**
*Veinte Reales*


**Nichole Jencer C. Alfonso**
*Karuhatan*


**John Garry M. Tenio**
*Marulas*


**Jay Mark C. Banagbanag**
*Bagbaguin*


**Raldie A. Cabrito**
*Palasan*


**Johnbert T. Faustino**
*Lawang Bato*


**Jerick Neil C. Lucena**
*Marulas*


**Andrian Louis P. Mercado**
*Ugong*

**We are proud of you!**
*#GalingValenzuelano*

# Gawad Parangal Para sa PLV at VALPOLY

Ipinagkaloob ng Commission on Higher Education (CHED) ang Gawad Parangal sa PLV at Valenzuela City Polytechnic College (VALPOLY) na siyang nagkwalipika sa dalawang paaralan upang makatanggap ng Certificate of Eligibility para sa mga benepisyo ng Republic Act 10931 o "Universal Access to Quality Tertiary Education Act".







1

# Tulong Para sa mga Iskolar




2

## Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program Distribution

Nakakatanggap ng **PhP30,000** kada taon ang mga iskolar ng PLV na nanggagaling sa business taxes na ibinabayad sa Lungsod ng Valenzuela.

**CHED SCHOLARSHIP PROGRAMS**

| | |
|---|---|
| VALPOLY | 30 |
| *Tertiary Education Subsidy* | |
| PLV | 600 |
| *Tulong Dunong Scholarship* | |

**DR. PIO VALENZUELA SCHOLARS**

| | |
|---|---|
| 2020 | 717 |
| 2021 | 858 |



3




4



5

Derick Lobuguen/PLV (1); Clinton Ramos (2-5)







## HINDI HULI SA TECH-VOC SKILLS

Kasama ang IBM sa programang Pathways in Technology Early College High Schools (P-TECH), masusing hinihinang ang kasanayang teknikal ng mga mag-aaral sa mga mataas na pampublikong paaralan sa Valenzuela City upang maging "career-ready"


1


2


3



4



## SAFE SCHOOL ZONES

Isinusulong ng lungsod ang karapatan at kaligtasan ng bawat kabataan habang sila ay nasa eskwelahan kasama ang Safe Kids Worldwide Philippines at UNICEF.



6





8



Percival de Guzman (1, 2, 3, 7); Resty Castro (4); Clinton Ramos (5, 6, 8)

# #GalingValenzuelano



**Vincent U. dela Cruz**
*Barangay Malanday*

**Bronze Medalist**
33rd International Olympiad in Informatics (IOI)

**Bronze Medalist**
61st International Mathematical Olympiad (IMO)

**Awardee**
Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI) Youth Excellence in Science (YES) Award 2020 and 2021

*Valenzuela City School of Mathematics and Science (ValMaSci) alumnus*



**Jesher A. Garde**
*Barangay Mapulang Lupa*

**Top 2 – 85.95%**
November 2021 Aeronautical Engineer Licensure Examination



**Vienne D. Pinlac, RPh, M.D.**
*Barangay Gen. T. de Leon*

**Top 5 - 87.00%**
October 2021 Physician Licensure Examination



**Jasper Jory M. Eugenio**
*Barangay Paso de Blas*

**Professional Electric Engineer**

**Top 7 - 84.80%**
October 2021 Chemist Licensure Examination

*Valenzuela City Science High School alumnus*



**Mark P. Dumago, RPh, MD**
*Barangay Lingunan*

**Top 9 - 87.67%**
November 2020 Physician Licensure Examination

*Lingunan Elementary School and Valenzuela City Science High School alumnus*



**Engr. Jordan Noche Velasco, MSEE, PEE**
*Barangay Malinta*

**Professional Electric Engineer**

April 2021 Professional Regulation Commission (PRC) Technical Evaluation for the Upgrading as Professional Electrical Engineers

## DOST-SEI YES Award 2020



**Ralph Daniel Valdres**

**High Distinction**
2019 Australian Mathematics Competition
*ValMaSci*





**Gabriel Adrian E. Cruz and Eugene U. dela Cruz**

**Silver Medalists**
15th International Mathematics Contest sa Singapore
*ValMaSci*





**Mary June Aubrey C. San Jose and Evitha Jovel E. Viola**

**Silver and Bronze Medalist**
2019 International Mathematics Wizard Challenge in Kuala Lumpur, Malaysia
*ValMaSci*



**Marian Catherine de Leon**

**Silver Medalist**
2019 Asia International Mathematical Olympiad Open Contest at Bronze Awardee, 2019 World Mathematical Games Open sa Taipei, Taiwan
*ValMaSci*



**Julius Gabriel de Guzman**

**Bronze Medalist**
2019 Thailand International Mathematical Olympiad
*Dalandanan National High School*



Gawad 2021 Dr. PIO Valenzuela

Pagkilala sa mga Katangi-tanging Valenzuelano

Bilang pagpupugay sa kadakilaan, kabayanihan, at kahusayan ni Dr. Pio Valenzuela, kinilala ng Lungsod ng Valenzuela ang pitong Valenzuelanong sumasabuhay sa mga katangian ni Dr. Pio sa kaniyang ika-152 na kaarawaan nito noong July 12, 2021.



152nd Birth Anniversary Dr. PIO Valenzuela (July 11, 1869 - July 11, 2021)

Kabayanihan, Kalinga, Kahandaan.






Rodrigo de Guzman



**Dr. Kathlynne Anne "Kharen" Abat-Senen**
*Barangay Gen. T. de Leon*
**(Paglilingkod sa Pamahalaan (POSTUMO)**



**Dr. Aldrin A. Darilag**
*Barangay Polo*
**(Edukasyon)**



**Remigio L. Alvarez**
*Barangay Bisig*
**(Negosyo)**



**Eimee Rhea C. Lagrama**
*Barangay Parada*
**(Propesyon)**



**Marius R. Talampas**
*Barangay Marulas*
**(Pelikula)**



**Mark Angelo A. dela Cruz**
*Barangay Malanday*
**(Pamumunong Pangkabataan)**



**Delfin F. Gutierrez Jr.**
*Barangay Malanday*
**(Pangangalaga ng Pamanang Kultural)**








Ang **Gawad Dr. Pio Valenzuela** ay ang pinakamataas at pinakaprestihiyosong patimpalak na iginagawad sa mga natatanging Valenzuelano.

Rodrigo de Guzman

# Tuloy-tuloy ang SERBISYO SA SOCIAL WELFARE




## ARUGA PARA KINA LOLO AT LOLA

Natupad din sa wakas ang pangarap ng lungsod na makapagtayo ng iisang ligtas na tahanan para sa mga inabandona at inabusong senior citizens at persons with disability (PWDs) sa pagbubukas ng Bahay Kanlungan nina Lolo at Lola sa Barangay Maysan. Sa kasalukuyan, may **76 na kliyente** ang Bahay Kanlungan na nakatatanggap ng atensyong medikal, interbensyong psychosocial, at pangangalagang ispirituwal.

Rodrigo de Guzman





2

## CLIENTS

| | |
|---|---|
| Senior Citizens | 31 |
| Adult PWDs | 45 |



3



4

Matatagpuan sa ground floor ng Bahay Kanlungan ang *dining area* o *multi-purpose hall*, *administration office*, klinika, *receiving area*, at *laundry area*.

Sa ikalawang palapag naman ay makikita ang dalawang silid na nagsisilbing *sleeping quarters* ng mga babaeng kliyente, ang *lounge* o *entertainment area*, at isang *isolation room*.

Ang ikatlong palapag na may parehong layout ay nakalaan naman para sa mga lalaking kliyente ng pasilidad.

Samantalang sa ikaapat na palapag ay may isang hardin na may malawak at bukas na espasyo, kung saan maaaring mag-ehersisyo, magpahinga, magpaaraw, at makilahok sa iba pang pisikal na gawain ang mga kliyente.



5



6



7






9



10

Rodrigo de Guzman (1, 3); Kevin Gotchalian (2, 5 - 10); Clinton Ramos (4)



## NARIRINIG ANG MALINAW NA BUKAS SA LIBRENG HEARING AIDS

Sa pagtutulungan ng international aid organization na Humanity & Inclusion (H&I), Public Employment Service Office (PESO), Local Economic Investment and Promotions Office (LEIPO), at Persons with Disability Affairs Office (PDAO), nabiyayaan ng hearing aids ang 28 Valenzuelanong may kapansanan sa pandinig. Hawak nila ngayon ang pagkakataon na makapagsalita at matuto ng higit pang kasanayan sa buhay.









Clinton Ramos
















## TULOY ANG PASKO SA HULYO

Sa kasagsagan ng pandemya noong Hulyo 2020, nakatanggap ang **55,466 senior citizens** ng **Valenzuela "Food Pack nina Lolo at Lola"** mula sa pamahalaang lungsod bilang maagang aginaldong kahalili ng "Pasko sa Hulyo". Ipinagpatuloy naman ang **"Pasko sa Hulyo"** taong 2021 kung saan **58,014 lolo at lola** ang nabigyan ng **tig-10 kilong bigas** bilang maagang pamasko.










Clinton Ramos (1 - 4); Resty Castro (5, 9); Rodrigo de Guzman (6, 10); Kevin Gatchalian (7, 8, 11)

# Tuloy-tuloy ang PASKO







## VALENZUELA ONLINE FOOD FIESTA

Dahil sa pandemya, nagkaroon na rin ng *virtual edition* ang pinaka-aabangang *food trip event* ng mga Valenzuelano tuwing Kapaskuhan. Inilunsad ang Valenzuela Online Food Fiesta kung saan maaaring makapili at mag-order mula sa *digital directory* ng mga tindahan at nagbebenta ng iba't-ibang pagkain.
































# PAMASKONG HANDOG KAY LOLO AT LOLA

Ang Pasko ay hindi lamang para sa mga bata. Kaya naman sa Valenzuela, kaligayahan din namin na pasayahin ang mga lolo at lola sa pamamagitan ng pagkakaloob ng Christmas gift boxes sa kanila.




| BILANG NG NAIPAGKALOOB NA PAMASKONG HANDOG | |
|---|---|
| 2020 | 56,249 |
| 2021 | 59,139 |














Rodrigo de Guzman

# Tuloy-tuloy ang SERBISYONG PANG-IMPRASTRAKTURA
















## 3S CENTER PASO DE BLAS

Binuksan ang pinakabago at ika-23 Sentro ng Sama-Samang Serbisyo (3S) sa Valenzuela City sa Barangay Paso de Blas noong Setyembre 2021. Opisyal na itong naging tahanan ng barangay na dating nasa maliit na espasyo sa lumang Barangay Hall. Inaasahan ding malaki ang maitutulong ng mas malaking Paso de Blas Health Station at Lying-in Center sa mga mamamayan at mga nagdadalantaong may pangangailangang medikal.

Resty Castro




## 3S CENTER PULO

Pormal nang binuksan sa publiko ang 3S Center Pulo. Mas pinalapit nito ang serbisyong dala ng pamahalaang lungsod sa komunidad ng Pulo.




























## 3S CENTER LINGUNAN

Sa gusali ng 3S Lingunan ay matatagpuan ang barangay hall, Sangguniang Kabataan office, Police Community Precinct, health station, day care center, Alternative Learning System center, tanod outpost, at multi-purpose hall. Lahat ng mga serbisyong ito ay nagmumula sa isang building na lamang.




## 3S CENTER LAWANG BATO EXPANSION




Dinagdagan ng extension building ang 3S Lawang Bato upang mas mapalawig pa ang pagseserbisyong maihahatid nito sa pamayanan.













Rodrigo de Guzman (1 - 14); Kevin Gatchalian (15 - 21)




# BARANGAY BAGBAGUIN HEALTH STATION



Kabilang ang **Bagbaguin Barangay Health Station** sa **58 health stations** ng lungsod na nakapasa sa pamantayang itinakda ng World Health Organization at ng Department of Health.

## MGA ITINATAYONG BAGONG 3S CENTERS




Tagalag 3S Center



Mapulang Lupa 3S Center



Canumay West 3S Center



Bagong *Marulas Barangay Hall*

Rodrigo de Guzman






# PLV TRICYCLE TERMINAL




Upang matulungan ang mga mag-aaral ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) na maging mas kumbinyente ng kanilang byahe papasok sa klase at pauwi sa tahanan, itinayo ng pamahalaang lungsod ang sarili nitong E-Trikes Terminal. Ito ay may dalawang charging stations kung saan maaaring mag-charge ang 30 e-trikes na naipagkaloob sa mga miyembro ng TODA sa pakikipagtulungan ng Department of Energy (DOE).








# TAGALAG E-TRIKE TERMINAL




Bilang tugon sa *eco-tourism* na adhikain ng pagtatag sa Tagalag Fishing Village, itinayo ang **TFV E-trikes Terminal** na matatagpuan sa tabi ng solar farm. Mayroon itong dalawang charging docks na nagagamit ng **20 e-trikes**.








Rodrigo de Guzman

# Tuloy-tuloy ang SERBISYONG PABAHAY

Upang maitaguyod kaligtasan at mabigyan ng dignidad ang mga pamilyang nakatira sa ilalim ng transmission lines, inilipat ng pamahalaang lungsod ang **433 informal settler families (ISFs)** sa Disiplina Village Lingunan (DVL). Katuwang ng pamahalaang lungsod ang National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) at Gawad Kalinga (GK) sa proyektong ito.




Rodrigo De Guzman (1); Mark Coyabyab (2)








Mga Bagong Lipat na Pamilya






Mga Bagong Tahanan

Community Vegetable Garden



Rodrigo De Guzman (1, 2, 3, 4, 5); Rusty Castro (6)

# Congra

# Valenzu

## Pitong Parar

2021


VALENZUELA**LIVE**

THE VALENZUELA CITY STREAMING SCHOOL





Ang **Valenzuela LIVE** ay ang kauna-unahang lokal na channel para sa edukasyon sa bansa na naglalaman ng mga araling may iisang pamantayang idinisenyo upang agarang matugunan ang pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang *online learning delivery.*

2021




Iminodel
ang inkl
ekonomiy
komunida
pangisda
ligtas na


2012




3S SIMPLE SPEED SERVICE

An Anti-Graft and Corruption Platform of the City Government of Valenzuela to Guarantee Transparency and Good Governance

2015




EDUCATION 360° INVESTMENT PROGRAM

Holistic, systemic, community-driven and student-centric education program

2017




DISIPLINA Village

Bagong Bahay, Bagong Buhay

# tulations,
# uela City!

ngal | mula sa GAWAD GALING POOK

TAGALAG Fishing Village



... ng **Tagalag Fishing Village** ...sibong pagpapaunlad ng lokal na ...a sa pamamagitan ng pagsasaayos ng ...d na tradisyunal na nakadepende sa ...n tungo sa isang makakalikasan at ...destinasyong panturismo.

2021


Valenzuela City Paspas PERMIT 10 Seconds Business Permit






Ang **Paspas Permit** ay ang kauna-unahan at natatanging *end-to-end online platform* na may buong espektro para sa lahat ng *permits* sa pagnenegosyo; isang sistema na direktang tumutugon upang puksain ang korupsyon at mabagal na sebisyo publiko.

2018




Tayo na, Mapayapang Valenzuela: ASENSO!

THE VALENZUELA CITY COMPREHENSIVE SAFETY AND SECURITY PLAN

**GAWAD GALING POOK**

ang nangunguna at pinakaprestihiyosong parangal para sa mahusay at malikhaing mga inisyatibo sa lokal na pamamahala.



## DV BIGNAY LIVELIHOOD BUILDING

Bukod sa mga gusaling pabahay sa Disiplina Village Bignay (DVB), itinayo rin dito ang dalawang palapag na Livelihood Facility. Sa pasilidad na ito ay may patahian at salon na nagbibigay ng karagdagang kita sa mga residente ng DVB. Ang pondo para sa gusaling ito ay tulong mula sa Department of Transportation (DOTr) bilang pagsuporta sa pagsisikap ng lungsod na i-relocate ang mga pamilyang naapektuhan ng konstruksyon ng North-South Commuter Railway (NSCR).







## KARAGDAGANG PONDO

Ginawaran ng Department of the Interior and Local Government - National Capital Region ng PhP 2.49 milyong pondo ang Valenzuela City para sa patuloy ng pagpapaunlad ng Disiplina Village Bignay (DVB) at Disiplina Village Ugong (DVU).

**Mula sa Resettlement Governance Assistance Fund (RGAF)**

| | |
|---|---|
| PhP**1.992M** | *materyales para sa pagkukumpuni at pagpapanatili ng mga gusaling pabahay sa DVBignay; pagpapagawa ng warehouse para sa mga kagamitang ito* |
| PhP**500K** | *materyales at kagamitan sa pagkukumpuni at pagpapanatili ng DVUgong; sahod para sa mga manggawang magpapatakbo ng closed-circuit television (CCTV)* |







Rodrigo de Guzman



1



2


3

## LAON HOUSING PROJECT

Isang proyektong pabahay na binubuo ng 34 gusali ang itinatag sa Laon, Veinte Reales sa pakikipagtulungan ng lungsod sa Social Housing Finance Corporation (SHFC). May 1,632 ISFs na dating naninirahan sa mga lugar na nanganganib na masunugan o mabaha ang benepisyaryo ng proyektong ito.

Ayon sa naging kasunduan, ang SHFC ang magpopondo sa pagkuha ng lote, pagpapaunlad ng site, at pagpapatayo ng mga gusaling pabahay sa ilalim ng Vertical Community Mortgage Program (VCMP) nito.


4



5

## DISIPLINA VILLAGE ARKONG BATO




Kasalukuyang itinatayo ang ikaapat na in-city resettlement site ng lungsod, ang Disiplina Village Arkong Bato. Katuwang ang National Housing Authority (NHA) sa paggawa ng mga tahanan para sa humigit-kumulang 2,800 residente na naninirahan pa rin sa tabi at ilalim ng transmission lines ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP).

6




7


8

Clinton Ramos (1, 2, 3, 4, 5); Rodrigo de Guzman (6, 7, 8)

# Tuloy-tuloy ang SERBISYO para sa Lungsod na KAAYA-AYA




Bahagi ng mayamang kasaysayan ng Valenzuela ang Liwasang Rizal, na ngayon ay kilala na bilang isinaayos na Polo Park. Makikita dito ang isang antigong fountain, ang estatwa ng magkausap na Dr. Pio Valenzuela at Dr. Jose Rizal sa Dapitan, ang memorial marker para sa mga beterano ng digmaan, at ang monumento ni Dr. Rizal. Isa ito sa mga ipinagmamalaking public green spaces ng lungsod.

Rodrigo de Guzman



## Maglibang




VINTAGE FOUNTAIN

## Matuto



DR. PIO & DR. RIZAL SA DAPITAN


## Magbigay-pugay



VETERANS MEMORIAL & DR. RIZAL'S MONUMENT







Kevin Gatchalian (2); Rodrigo de Guzman (1, 3, 4, 5, 6, 7)



## Tuloy-tuloy ang Serbisyo para sa Lungsod na Kaaya-aya





VALENZUELA CITY SPORTSPARK

Pinasinayaan naman sa Barangay Wawang Pulo ang kauna-unahang open-air na Sports Park ng lungsod. Isa itong pasilidad na mayroong obstacle course, outdoor gym, amphitheater, at palaruang pambata. Idinisenyo ito hindi lamang para sa mga atletang nagsasanay, kung hindi pati na rin sa mga nais na maglibang at makalanghap ng sariwang hangin.














Rodrigo de Guzman

# HIGIT NA KAAYA-AYA









## Arkong Bato Park

Isang pang bagong atraksyon ang sasalubong sa mga bibisita sa Barangay Arkong Bato — ang Arkong Bato Park. Pupunan ng parkeng ito ang isinasagawang rehabilitasyon ng pangunahing heritage icon ng lungsod, ang Arkong Bato, na siyang nagsisilbing hangganan ng Malabon at Valenzuela.





## MMDA-DV Bignay Friendship Parks

Nakipag-partner ang pamahalaang lungsod sa Metro Manila Development Authority (MMDA) para sa pagtatayo ng MMDA-Valenzuela City Friendship Parks sa Disiplina Village Bignay (DVB). Apat na magkakahiwalay na bakanteng lugar sa DVB Complex na may kabuuang **2,419.33 square meters** ay gagawing palaruan ng mga bata. Layunin ng PhP 20-milyong proyektong ito na madagdagan ng mga bagong open at green spaces ang National Capital Region.





## Fatima Avenue Redevelopment Plan






Sa ilalim ng Fatima Avenue Redevelopment Plan, magbabagong-bihis ang malaking bahagi ng abenidang itong matatagpuan sa Barangay Marulas. Isasara sa mga motorista o ipe-pedestrianize ang malaking parte ng kalyeng ito upang malakaran ng mas maraming tao.

Maglalagay din dito ng mga karagdagang puno, ilaw, at mga bangko para sa mas ligtas at mas kasiya-siyang pagpasyal ng mga Valenzuelano.




## Valenzuela Bike Lane

Handog din ng lungsod sa mga siklista ang mas ligtas na "bike lanes" sa kahabaan ng MacArthur Highway -- sinusulong ang alternatibong transportasyon na makakalikasan at inklusibo.

# Tuloy-tuloy ang SERBISYONG PANG-KA LIG TA SAN




## 2nd PLACE RESILIENCE PILLAR *(Highly Urbanized Cities)*

Umangat ang Valenzuela City sa ginanap na 8th Regional Competitiveness Summit at nagtamo ng **2nd Place** sa **Resilience Pillar** dahil sa mga epektibong aksyon at mga programa para sa kaligtasan ng mga mamamayan lalo at higit sa gitna ng pandemya.




# 5 BAGONG AMBULANSIYA at 64 BAGONG RESCUE PERSONNEL

Sa panahon na kabi-kabila ang nauulila dahil sa pandemyang ating kinahaharap, ang mga bagong ambulansyang ito ay naglalayong makapagbigay ng agarang tulong at aksyon sa mga Valenzuelanos na nasa gitna ng kapahamakan at kailangan ng agarang kagalingan.




Percival de Guzman

GAWAD TAGA-ILOG

Search for most improved Estero of Metro Manila




# GRAND CHAMPION
## & People's Choice Awardee

## LINGUNAN CREEK
### *Kinilalang Most Improved Estero sa NCR*

Ginawaran ng pagkilala bilang **Most Improved Estero ang Lingunan Creek ng Valenzuela City** sa isinagawang awarding ceremony ng Gawad Taga-Ilog: "Search for Most Improved Estero in Metro Manila" matapos makakuha ang **86.53 points** mula sa 14 waterways na lumahok.








## BANTAY SUNOG
### *sa mga Disiplina Village*

Sa pamamagitan ng libreng seminar sa pag-iwas at pag-apula ng sunog ay parami ng parami ang Bantay Sunog volunteers sa mga Disiplina Village. Ang mga volunteers ay binigyan ng fire extinguisher at tinuruan sa paggamit nito upang maging handa bilang unang tagatugon sa banta ng sunog.





Bantay Sunog







## LIMANG BAGONG AMBULANSYA PARA SA MGA BARANGAY

Bilang katuwang ng Pamahalaang Lungsod sa pagtugon sa sakuna at kalamidad, at gayundin laban sa pandemya, nararapat lamang na maging sapat din ang kanilang kagamitan sa gampaning ito. Kaya naman patuloy silang inaalalayan tulad ng pagbigay ng karagdagang mga ambulansya.




Rodrigo de Guzman




# VALPETS
VALENZUELA CITY PETS APP

## Libreng Microchips at Anti-rabies Vaccines sa Bawat Barangay





Dinagsa ng Valenzuelano pet owners ang Valpets Microchipping Caravan. Ang microchip ay isang maliit na aparato na naglalaman ng pagkakakilanlan ng alagang hayop. Makatutulong itong mabilis na maibalik sa tahanan ang alaga sakaling ito ay mawala at makuha ng Animal Control Unit. Ito ay ligtas at hindi banta sa kalusugan ng hayop.














## VALPETS (VALENZUELA CITY PETS APP)
*Online Appointment System*

Sa bisa ng Valenzuela City Pet Registration and Adoption Ordinance ay ipinakilala sa publiko ang ValPets Online Appointment System kung saan pwedeng i-rehistro ang alagang hayop upang makakuha ng libreng bakuna at microchipping. Makikita rin sa **ValPets website (www.valpets.appcase.net)** ang mga nawawalang aso at mga asong maaring ampunin at alagaan.



Resty Castro (1); Clinton Ramos (2, 3, 5); Courtesy of City VET (4)



## ANIMAL CONTROL TRAINING

Dumaan sa mahigpit na pagsasanay ang lahat ng Barangay Animal Control Teams (BACT) sa paghuli ng mga galang hayop sa lansangan at siguruhing ligtas ang manghuhuli maging ang hayop sa pagsasagawa ng operasyong ito.







## WIN SERBISYO ANIMAL CONTROL TRUCKS

Dagdag 19 animal control trucks ang handog ni Senator WIN Gatchalian sa City Veterinary Service Office (CVSO) upang mapalawig ang operasyon sa paghuli ng mga galang aso sa mga lansangan. Ang lahat ng mga magiging driver ng animal control trucks ay dumaan sa pagsasanay at bakuna laban sa rabies.





Sa bisa ng **BARK (Barangay Animal Regulation and Keeping)** Ordinance, masugid na umiikot sa bawat barangay ang Barangay Animal Control Teams (BACT) upang hulihin ang mga galang aso para sa kaligtasan ng mga residente at isulong ang Rabies Awareness at Responsible Pet Ownership.






## LIGTAS SA RABIES, LIGTAS NA PAMAYANAN



Rodrigo De Guzman




# #BarriersUp

## Laban ng Valenzuela para sa MOTORISTA

**Disyembre 16, 2020** - Opisyal ng inalis ang suspensyon ng business permit sa NLEX Corporation dahil sa kasunduan na Barriers Up sa Valenzuela mula 5:00 AM - 10:00 PM at pagkakaroon ng technical working group na magpapanatili ng kaayusan sa trapiko sa Valenzuela City.





## Toll Holiday

**Disyembre 7, 2020** - Dulot ng hindi maayos na RFID readers sa NLEX, nagbuhol-buhol ang trapik sa mga lansangan sa Lungsod ng Valenzuela. Minabuti ni Mayor REX na suspendihin ang business permit ng kompanya at pinairal ang "Toll Holiday" sa anim (6) na toll plaza sa lungsod: ang Karuhatan-Mindanao Avenue Toll Plaza, Karuhatan-Harbor Link Toll Plaza, Karuhatan-MacArthur Highway Sub-Exit, Paso de Blas Toll Plaza (North at South Bound), Mindanao Avenue (Ugong) Toll Plaza, at Lawang Bato Toll Booth.



Courtesy of Digital Communications Unit (1); Resty Castro (2)



## Solutions Meeting at Dialogue

**Disyembre 14, 2020** - Ang NLEX Corporation ay naghain ng solusyon sa pamamagitan ng pagbubukas ng cash lanes, paglagay ng RFID Assistants sa mga toll plaza, at paigtingin ang kanilang RFID program. Samantalang inihain naman ng Valenzuela ang **Barriers Up** bilang solusyon habang isinasaayos ang kanilang operasyon












Rodrigo de Guzman

## BEFORE







Courtesy of City External Services Office - Public Order and Safety Group

# DURING BARRIERS UP







Courtesy of City External Services Office - Public Order and Safety Group




# Valenzuela Anti-Drug Abuse Council (VADAC) Tuloy ang Aksyon sa Pandemya

## 30 DRUG CLEARED BARANGAYS

Umabot na sa tatlumpung **(30) barangays** ang itinuturing na "Drug-Cleared Barangays" dahil sa patuloy na pagpapalaganap ng edukasyon laban sa ipinagbabawal na gamot. Lahat ng barangay sa Valenzuela City ay ganap nang **"Drug-Free Workplace"** dahil sa patuloy na seminar na isinasagawa kahit sa gitna ng pandemya. Ilan rin sa mga eskwelahan sa Valenzuela ay may representante sa **Student Anti-Drug Abuse Council (SADAC)** na patuloy na gumagawa ng programa laban sa adiksyon lalo at higit sa mga kabataan.


2


3


4



Clinton Ramos (1); Kevin Gatchalian (2, 3, 4)





# Insentibo Para Sa Kampanya Laban Sa Droga



Ginawaran ng insentibo ng VADAC at ng lokal na pamahalaan ang mga matatapang at masigasig na force multipliers ng lungsod sa kanilang mahusay na pagtugon sa tawag ng tungkulin upang labanan ang iligal na paggamit at pagbenta ng droga.





**40 Barangay Community Service Coordinators (BCSC)** ang sumailalim sa pagsasanay ng Valenzuela Anti-Drug Abuse Council (VADAC) upang maagapan at matulungan ang mga PWUDs (Persons who used Drugs) na magkaroon ng panibagong panimula at makaahon sa pagkakalulong sa ipinagbabawal na gamot.

# Drug-Free TODA

Patuloy ang proyekto para sa paghikayat sa mga Tricycle Operators and Drivers' Association (TODA) na maging Drug-Free upang mas maitaguyod pa ang kaligtasan at kaayusan sa pampublikong transportasyon.

**VCHS-TODA** Valenzuela City Hall Site TODA

**BALMATODA** Balubaran-Malabo TODA

**INTODA** Independence Street TODA









Clinton Ramos (1, 2); Kevin Gatchalian (3); Courtesy of VADAC (4, 5); Resty Castro (6, 7, 8)



Malaking pinsala ang tinamo ng Marikina dahil sa Bagyong Ulysses kaya naman nagpadala ang Valenzuela City ng Mobile Kitchen na nagpamahagi ng pagkain at tumulong din ang Valenzuela rescue team sa clearing operations sa mga daan na binaha at napuno ng putik.



## Humanitarian Aid Mission sa Marikina



VC CARES

### #VCCaresPlus: Alagang may Puso

Matapos ang iba't ibang kalamidad at sakunang naranasan ng bansa, malasakit at pagkakaisa ang nangingibabaw sa mga Valenzuelano upang magpaabot ng tulong para sa ating mga kababayan.

## Valenzuela City, Nagpaabot ng PhP4 Milyon sa Isabela at Cagayan




Iniwan ng hagupit ng bagyong Ulysses ang halos paglubog din ng mga kabahayan sa lalawigan ng Isabela at Cagayan. Kaya naman nagpaabot ang Valenzuela City ng tulong na umabot sa PhP 4 Milyon. Inilaan ito para sa kaban-kabang bigas na ipinamahagi sa mga lugar na lubhang napinsala.



| Province of Cagayan – PhP2,200,000 | |
|---|---|
| Provincial Government of Cagayan | PhP700,000 |
| Municipal Government of Tuguegarao | 500,000 |
| Municipal Government of Aparri | 200,000 |
| Municipal Government of Enrile | 300,000 |
| Municipal Government of Solana | 300,000 |
| Municipal Government of Amulong | 200,000 |
| **Province of Isabela – PhP1,800,000** | |
| Provincial Government of Isabela | PhP 700,000 |
| Municipal Government of Cabagan | 300,000 |
| Municipal Government of Ilagan | 500,000 |
| Municipal Government of Tumauini | 300,000 |
| **Total – PhP 4,000,000** | |
















Courtesy of VCDRRMO (1, 2, 3); Courtesy of Mark Cayabyab/OS WIN Gatchalian (4-10)

# Tayo na, Ligtas na Valenzuela!

## COVID-19 Response Report 2021



# VALTRACE
VALENZUELA CONTACT TRACING APP

## BEST IN COVID-19 RESPONSE














## Digital Governance Awards 2020

Wagi sa Digital Governance Awards 2020 ang ValTrace o Valenzuela Contract Tracing App dahil sa komprehensibo, mabilis, at ligtas na contact tracing system nito na naging epektibo sa COVID-19 response ng lungsod.

# VALTRACE INTERCONNECTIVITY CONSORTIUM AGREEMENT

## Mas malawak na contact tracing

Nakipagtulungan din ang iba pang mga lokal na pamahalaan upang magkaroon ng iisang contact tracing system gamit ang mga QR codes sa pamamagitan ng Interconnectivity Consortium Agreement. Sa bisa nito, maaaring gamitin ang ValTrace QR code sa mga sumusunod na lugar, gayundin ang kanilang QR Code sa Valenzuela:

| | |
|---|---|
| **PASIG CITY:** | December 7, 2020 |
| **ANTIPOLO CITY, RIZAL:** | January 11, 2021 |
| **MANDALUYONG CITY:** | March 31, 2021 |
| **TAYTAY, RIZAL:** | June 28, 2021 |







VC Vax — The Valenzuela City COVID-19 Vaccines Rollout Plan

# HELP CENTER

Nagtayo ang Valenzuela City ng sarili nitong hotline na maaaring tawagan para sa mga may nais na ipabago o may katanungan sa kanilang COVID-19 vaccine appointment at iba pang katanungan ukol sa COVID-19 vaccine.














HOTLINE

## (02) 8-VACCINE • 8-8222463

## TOTAL INOCULATION as of November 24, 2021

| | A1 | A2 | A3 | A4 | A5 | Pedia 12 - 17 Years Old | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **First Dose** | 11,034 | 50,635 | 42,922 | 169,031 | 198,965 | 11,911 | 484,498 |
| **Second Dose** | 10,240 | 41,652 | 40,903 | 153,846 | 158,829 | 144 | 405,614 |
| **Booster Dose** | 916 | 16 | 3 | 138 | 82 | | 1,155 |
| | | | | | | | 891,267 |

Rodrigo de Guzman

# MAAGANG PAGBABAKUNA

Pormal na sinimulan ng Valenzuela City ang pagbabakuna sa mga frontliners nito noong Marso 3, 2021. Inuna ng pamahalaang lungsod ang pagbabakuna sa mga frontliners nito sa Valenzuela City Emergency Hospital (VCEH).




















# MAYOR REX, Bakunadong Valenzuelano!

Nakatanggap ng unang dose ng COVID-19 vaccine si Mayor REX Gatchalian noong April 8, 2021 bilang pakikiisa sa paghikayat sa lahat na maging Bakunadong Valenzuelano. Siya ay tumanggap ng bakunang Sinovac.














Kevin Gatchalian (1-9); Clinton Ramos (2-8); Rodrigo de Guzman (10-15)



## INDUSTRY VACCINATION SITES

Nagtalaga ang Lungsod ng Industry Vaccination Sites at nagsagawa ng mga "after-hour shifts" upang mas marami pang mga economic frontliners nasa kategoryang A4 ang mabakunahan nang hindi naaapektuhan ang kanilang oras ng trabaho.

Binuksan din ang A4 Category registration sa ValTrace/VCVax app kung saan maaaring magpa-appointment ang human resource personnel ng mga kompanya para sa kanilang mga kawani. Sa sistemang ito, ang kompanya ang nagkakaroon ng iskedyul at hindi ang indibidwal.

***1st shift:*** 07:00 AM – 1:00 PM
***2nd shift:*** 02:00 PM – 10:00 PM

### INDUSTRY VACCINATION SITES

1. Pasolo Elementary School
2. Karuhatan West Elementary School
3. Justice Eliezer delos Santos National High School



2



3

## ULTRA LOW FREEZER (ULF) PARA SA SENSITIBONG BAKUNA

Gumagamit rin ng Ultra Low Freezer ang Valenzuela City para sa ligtas at maingat na paghawak at storage ng mga bakuna laban sa COVID-19 na nangangailangan ng mababang temperatura tulad ng Pfizer-BioNTech.

Percival de Guzman (1); Rafael Delfino (2, 3)

















**INDUSTRY SITES TOTAL VACCINATION**

as of November 25, 2021

| | |
|---|---|
| Number of Employees | 106,032 |
| Number of Companies | 357 |



## SARILING BILING BAKUNA, NAPAPAKINABANGAN NA!

**18,400 doses ng AstraZeneca vaccines** ang dumating sa Estrella Ice Plant and Cold Storage sa Barangay Lawang Bato noong July 19, 2021. Ito ay ang unang batch ng bakuna na binili ng lungsod na may kabuuang **640,000 doses**.





Rodrigo de Guzman (1 - 3, 6 - 9); Percival de Guzman (4, 5)


1




# BOOSTER DOSES

Bilang dagdag-proteksyon sa mga Valenzuelano laban sa lumilitaw na bagong variants ng COVID-19, nagbigay na rin ng *booster shots* o ikatlong turok ng bakuna ang ating lungsod. Una itong isinagawa sa mga medical frontliners noong ika-20 ng Nobyembre. Agad itong pinalawig sa iba pang mga kategorya ng mamamayan.


2



3


4





6


7


8


9


10

Clinton Ramos (1, 6, 7, 8, 10); Kevin Gatchalian (2, 3, 4, 5)





MARILAO









# BAYANIHAN BAKUNAHAN

## National Vaccination Days

Inatasan ang mga pamahalaang lokal ng Kalakhang Maynila na tumulong sa bakunahan sa Central Luzon at Southern Tagalog Region para sa *National COVID-19 Vaccination Days* noong Nobyembre 29 hanggang Disyembre 1. Tumulong ang ating VCVax teams sa operasyon ng mga vaccination centers sa **Marilao**, **Santa Maria**, **San Jose del Monte** at **Malolos** sa kapitbahay nating lalawigan ng Bulacan. Katuwang sa proyektong ito ang tanggapan ni Sen. WIN Gatchalian na nagkaloob ng out-of-town duty allowance sa ating mga frontliners na nakilahok.







SANTA MARIA













SAN JOSE DEL MONTE




















MALOLOS



Percival de Guzman (1-6); Rafael Delfino (7-11, 13, 19, 20, 22, 23, 25); Joyson Marcos (14, 18); Ted Manalo (16); Resty Castro (12, 15, 17); Clinton Ramos (21, 24)

# Tuloy-tuloy ang Pag-aaral sa Panahon ng Pandemya









## VALENZUELA LIVE
THE VALENZUELA CITY STREAMING SCHOOL

Bilang tugon sa "New Normal" ng edukasyon sa panahon ng COVID-19, gumawa ng sariling "local education channel" ang lungsod sa pakikipagtulungan sa Department of Education – Valenzuela para sa mas epektibong paggamit ng lokal na kapasidad ng lungsod sa paghahanda nito sa "distance learning".

| 2X PER WEEK | Valenzuela Live Sessions |
|---|---|
| 18 | Studio Classrooms |
| 451 | Streaming Teachers |
| 120,400 | Learners |

## Wagi sa COVID-19 Response sa Edukasyon!

Kasama sa Top 10 Outstanding Local Governance Programs ng Galing Pook Awards 2021 at 3rd Place ng Digital Governance Awards 2021 ang Valenzuela LIVE – patunay sa mahusay na pagtugon ng lokal na pamahalaan sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral nito.








*Digital Governance Awards 2021*
*Best in Customer Empowerment*
*3rd Place*




*2021 Galing Pook Award*
*Valenzuela Live: The Valenzuela City Streaming School*

Rodrigo de Guzman (1-4); Percival de Guzman (5-6)

# Distribution of Tables



**23,500** Tablets turned over to the poorest-of-the-poor sector













# Assessment of Learning Competencies









Sa isinigawang assessment ng lokal na pamahalaan, nakakuha ng mataas na antas o "relatively high" na competencies assessment results ang mga piling mag-aaral sa lungsod. Ang resultang ito ay nagagamit ng Valenzuela City sa pagpapaganda pa ng programang Valenzuela LIVE.

# Graph of Assessment




Average scores per subject matter, by grade:

| Grade | Math | Filipino | English |
|---|---|---|---|
| 2 | 86 | 89.74 | 88.98 |
| 3 | 86 | 94.58 | 83.48 |
| 4 | 80 | 88.83 | 81.29 |
| 5 | 53.16 | 64.63 | 69.85 |
| 6 | 74.13 | 90.66 | 84.31 |





...erage ranges from 71.56% to 98.94%. The overall average performance of every school ...89.58%. This indicates a good performance of schools in Grade 2 level.

*Targeted remediation through data*




Majority of Grade 7 students have an average performance between 55.59% to 61.63%. More profound computation shows that the mean average performance of grade 7 students is 50.00%. The diagram shows that the performances of grade 7 students is positively skewed, meaning more students performed significantly lower than the mean class.

Kevin Gatchalian (1, 3-6); Rodrigo De Guzman (2); Percival de Guzman (7-11)



# 10 MILLIONTH COVID-19 VACCINE JAB







Ginanap noong June 28,2021 sa Valenzuela City ang Ceremoniall Vaccination ng ika-10 milyon na nabakunahan ng COVID-19 vaccine na pinangunahan ng National Task Force (NTF) Against COVID-19, Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID), at ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela.










Resty Castro (1); Clinton Ramos (2-7)

## Bakunahan sa Bahay Kanlungan






**FULLY VACCINATED**

| | |
|---|---|
| 61 | Staff |
| 74 | Clients |





## sa Bahay Pag-asa








**FULLY VACCINATED**

| | |
|---|---|
| 21 | Staff |




## sa Bahay Kalinga




**FULLY VACCINATED**

| | |
|---|---|
| 43 | Staff |
| 18 | Clients |




## Pagbabakuna sa mga Persons Deprived of Liberty






**FULLY VACCINATED**

| | |
|---|---|
| 43 | Staff |

**PDLs**

| | |
|---|---|
| 144 | First Dose |
| 455 | Fully Vaccinated |





Resty Castro (1-18); Rafael Delfino (19, 20, 22, 25); Kevin Gatchalian (21, 23, 24)







## Valenzuela City Hall, Kauna-unahang Lokal na Pamahalaan na ginawaran ng SAFETY SEAL

Ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang nakatanggap ng kauna-unahang Safety Seal Certification mula sa Department of Trade and Industry (DTI) at Department of the Interior and Local Government (DILG) noong May 25, 2021.




2



3






5

## VALENZUELA HOPE MOLECULAR LABORATORY UPDATE!

Muling nakuha ng ValHope ang perpektong iskor sa isinagawang pagsusuri ng Research Institute for Tropical Medicine (RITM) sa pasibilidad at pagproseso nito ng viral specimens.



6




**2021 External Quality Assurance Program (Post-Accreditation) for RT-PCR**



Kevin Gatchalian (1-5); Rodrigo De Guzman (6)

## Tulong Para sa Online MSMEs





# Valenzuela Online Palengke




Nakipagtulungan ang lokal na pamahalaan sa Facebook Group moderators ng Valenzuela Online Palengke upang masuportahan ang negosyo at produkto ng mga micro, small, and medium enterprises (MSMEs) at online entrepreneurs.



## Sustainable Livelihood Program



Sa pakikipagtulungan sa Department of Social Welfare and Development (DSWD), nabigyan ng tulong pinansyal ang mga may-ari ng maliliit na negosyo, indigent citizens, at mga miyembro ng 4Ps ng PhP 15,000.

**891** Benepisyaryo

## Tulong Pinansyal sa Panahon ng Pandemya



### Tulong Para sa Barangay Health Workers



Sa bisa naman ng Ordinance No. 737, Series of 2020, lahat ng frontline public health workers ng lungsod ay makakatanggap ng COVID-19 Special Risk Allowance sa panahon ng enhanced community quarantine

Rodrigo de Guzman (1, 2, 16, 19); Percival de Guzman (9-15); Kevin Gatchalian (17, 18, 20, 21); Courtesy of LEIPO (3-7)

# DALAW BAKUNA









Para sa mga Valenzuelanong walang kakayahan upang makapunta sa mga vaccination sites para magpabakuna dahil sa karamdaman o kondisyon, naglunsad ng Dalaw Bakuna ang lokal na pamahalaan upang maging sila rin ay makakuha ng kanilang COVID-19 vaccine.

**990** kliyente ang nabakunahan na ng programa





Courtesy of Digital Communications Unit

# VCVax Teen Edition




Sinimulan ng lokal na pamahalaan noong Oktubre 27, 2021 ang pagbabakuna sa **Pediatric A3 Population** o mga menor de edad mula 12 hanggang 17 taong gulang.










# VCVax Bakuna Shuttle




Sa tulong ng mga pamunuan ng mga paaralan, nagsagawa ng hatid-sundo sa mga paaralan papuntang vaccination site gamit ang "Bakuna Shuttle"








Percival de Guzman (1); Resty Castro (2-9); Rafael Delfino (10, 11, 13, 16); Kevin Gatchalian (12, 14, 15, 17)

*Tayo na,* Valenzuela!
CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440
[632] 352.1000 [632] 292.0211

www.valenzuela.gov.ph info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity